**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 15, 25-38

# HOTS approach sa pagbasa ng tekstong impormatibo sa Filipino 11

De Real, Jeanly M. ✉
*Cebu Technological University, Philippines (Jeanly.monterde@deped.gov.ph)*




**Received**: 4 June 2026 **Revised**: 17 June 2026 **Accepted**: 19 June 2026
**Available Online**: 20 June 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26272

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

Ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa nang may pag-unawa, lalo na sa pag-unawa sa mga salita, ideya, at kaisipang nakapaloob sa teksto, ay nagiging hadlang sa kanilang pagganap at paglinang ng mga itinakdang kasanayan sa pagbasa. Kaugnay nito, nilayon ng pag-aaral na masuri ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang *HOTS approach* sa Filipino 11 upang makapagmungkahi ng potensiyal na interbensiyong makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa maunawaang pagbasa. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *Quasi-experimental Design* sa pamamagitan ng *pre-test at post-test*. Ginamit din ang *convenience sampling* teknik sa pagpili ng mga kalahok ng pag-aaral na binubuo ng dalawampu't siyam (29). Ang instrumentong ginamit ay talatanungan na dumaan sa balidasyon ng mga eksperto upang matiyak ang kredibilidad at mapanaligan ang mga tanong na nakapaloob dito. Ang mga nalikom na datos ay sinuri gamit ang pamamaraang istadistikal tulad ng *score, weighted mean, standard deviation at paired-t-test*. Natuklasan sa pag-aaral na nakapagtamo ng mas mataas na marka ang mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *HOTS Approach* na kakikitaang patungo sa pagkatuto o *moving towards mastery*, kumpara sa paggamit ng tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa. Mula sa mga natuklasan ay nabuo ang kongklusyon na ang *HOTS Approach* ay makatutulong sa pagtuturo ng pagbasa sa pamamagitan ng pagpapahusay at paglilinang ng kakayahang makapagsuri at mapalalim ang pag-unawa sa mga tekstong binabasa. Dagdag pa rito, ang *HOTS Approach* ay nagpakita ng positibong epekto sa interaktibong pagbasa. Iminumungkahi ang paggamit ng pinagyamang planong pampagkatuto sa pagpapahusay at paglinang ng kakayahan sa maunawaang pagbasa gamit ang *HOTS Approach.*

***Keywords:*** kasanayan, pagbasa, impormatibo, HOTS approach, Filipino

© The Author(s) / Attribution-NoDerivs CC BY-ND

# HOTS approach sa pagbasa ng tekstong impormatibo sa Filipino 11

## 1. Panimula

Isa sa pinakamahalagang makrong kasanayan sa komunikasyon na dapat hasain ay ang pagbasa. Ang pagsasanay sa pagbasa ay nagsisilbing pundasyon tungo sa pagkatuto at tagumpay ng isang mag-aaral sa personal man o akademikong pananagumpay. Kung kaya, kailangang linangin ang kasanayan sa pagbasa upang mas lalong mapalawak ang kaalaman at mapaigting ang kaisipan sa pagharap sa mga hamon dulot ng malalaking pagbabago sa mundo. Ayon kina Anderson et al. sa aklat na *Becoming a Nation of Readers*, ang pagbasa ay isang proseso ng pagbuo ng kahulugan mula sa mga nakasulat na teksto. Ito ay isang kompleks na kasanayan na nangangailangan ng koordinasyon ng iba't iba at magkakaugnay na pinagmumulan ng impormasyon. Sa pagbasa ng isang teksto, mahalaga ang imbak na kaalaman *(stock knowledge)* ng nagbabasa upang mas malalim na maunawaan ang mga konsepto at impormasyon (De Laza, 2022).

Sinusuportahan ito sa pag-aaral nina Sanggawa et al. (2024) na binanggit nina Butterfuss, R., Kim, J., Kemdeou, P. (2020), ang pag-unawa sa pagbasa ay nangangailangan ng pagbuo ng isang magkakaugnay na representasyon ng kaisipan ng impormasyon sa isang teksto. Ang pagbasa ay kinabibilangan ng tatlong magkakaugnay na elemento—ang mambabasa, ang teksto, at ang aktibidad, lahat ay nakalagay sa isang mas malawak na kontekstong sosyokultural. Tinuran nina Pearson at Johnson na ang pagbasang may komprehensiyon ay pagbuo ng mga tulay na mag-uugnay sa dating kaalaman sa bagong kaalaman. Idinagdag ni Goodman na napakahalaga para sa mga mag-aaral ang pagkakaroon ng mapanuring pag-unawa sa binabasa sapagkat ito ang daan upang maging malikhain sila at para magtamo ng kaalaman kung hindi man mapaunlad ang sarilng kalagayan at malutas ang mga suliraning kinahaharap (Liwanag, 2023).

Ngunit, humaharap sa malaking hamon ang estado ng pagbasa saan mang dako ng daigdig. Binanggit sa pag-aaral ni Tapasao (2023) na ipinakita sa isang sarbey sa 50 bansa, 40 porsiyento ng mga mag-aaral ang iniulat na mas mababa lamang ang interes sa mga aralin ng pagbasa ayon ito sa resulta na isinagawa ng *Organization for Economic Co-operation and Development* (OECD) na hinalaw sa artikulo nina Barber at Klauda (27). Makikita sa resulta ng ginanap na 2019 *National Assessment of Educational Progress*, 65 hanggang 66 na porsyento ng mga mag-aaral sa ikaapat at ikawalong baitang ng United States ay mas mababa sa kahusayan sa maunawang pagbabasa.

Ang nasabing hamon ay naranasan din ng iba't ibang bansa sa Asya partikular na sa Pilipinas. Pinapatunayan ito sa ulat ni Lacuata ng ABS-CBN News, nasa 600,000 mag-aaral na may edad 15 mula sa 79 na bansa ang sumailalim sa pagsusulit ng *Programme for International Student Assessment (PISA)* noong 2018. Batay sa resulta, nakakuha ng 340 puntos ang mga mag-aaral mula sa Pilipinas. Mas mababa ito sa *average* na 487 puntos. Pinatotohanan ito sa pag-aaral nina Aclinen at Olesio (2023) ang naturang resulta ng *Program for International Student Assement o PISA (2018*) ay patunay lamang na kapos sa pag-unawa sa pagbasa ang mga mag-aaral sa Pilipinas at nananatiling suliranin magpahanggang ngayon ng mga guro batay ito sa binanggit sa pag-aaral ni Perez (2019).

Alinsunod sa *Programme for International Student Assessment* (PISA) noong 2022, pang-anim sa pinakamababa ang Pilipinas sa 81 na bansa sa larangan ng pagbasa at ang mga mag-aaral na Pilipino ay nahuhuli sa aspetong mapanuri at kritikal na pag-iisip na mga pangunahing kasanayan sa pang-unawa sa pagbasa (Erie, 2025). Isinasaad din ng OECD na ang mga 15-taong gulang na mag-aaral ng bansa ay dapat makakaunawa na sa literal na kahulugan ng mga pangungusap o maiikling sipi, hinalaw sa artikulo ni (Tabangcura). Binanggit sa pag-aaral nina Barbara at Bruma (2024) sa ulat ni Jaucian (2020), higit 70,000 na mag-aaral sa elementarya sa Bicol ay hindi marunong magbasa sa English at Filipino batay sa paunang pag-aaral noong 2019. Ang datos ay resulta ng Paunang Pagsusulit ng *Informal Reading Inventory* (Phil IRI) na ginawa sa buwan ng Hulyo hanggang Agosto 2019.

Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral upang matugunan ang nasabing suliranin sa pagbasa ng mga mag-aaral na hindi nakaunawa sa binabasa at binigyang pokus ang kahalagahan sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang *HOTS Approach* sa Filipino 11. Pinili ng mananaliksik ang mga respondenteng mag-aaral mula sa baitang 11 ng Tanque National High School sa taong panuruan 2024-2025, sapagkat batay sa naobserbahan ng mananaliksik maraming mga mag-aaral ang nahirapang unawain ang mga mensahe, ideya at salita ng tekstong kanilang binabasa. Kaya ito ang nagtulak sa mananaliksik na pag-aralan ang nasabing suliranin upang matugunan ang layunin sa pagkatuto sa pagbasa ng mga respondenteng mag-aaral nang may pag-uunawa.

Ang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* ang estratehiyang ginamit ng mananaliksik dahil ito ay naglayong palalimin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong binasa gamit ang *HOTS* na tanong. Sa pamamagitan ng mga katanungan maaaring makakalap ng mga datos sa pagtukoy at pagsusuri sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-uunawa sa tekstong binasa gamit ang *HOTS Approach.* Ang mga akademikong teksto na pokus sa pag-aaral na ito ay nakatuon sa tatlong uri ng tekstong impormatibo na nasa estrukturang sanhi at bunga, paghahambing, at pagbibigay-depinisyon (De Laza, 2022) na kung saan ang mga tekstong ito ay nakaangkla sa kasanayang pampagkatuto mula sa *Most Essential Learning Competencies (MELC's)* ng DepEd. Sa pangkalahatan, ang layunin ng pag-aaral ay magbigay ng masusing pagsusuri at sa potensiyal na kahalagahan at epekto ng paggamit ng *HOTS Approach* bilang estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng pagbasa nang may pag-unawa.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masukat at masuri ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang teksto gamit ang *Higher Order Thinking Skills* (HOTS) Approach ng mga mag-aaral sa Baitang 11 ng Tanque National High School (TNHS) para sa taong panuruan 2024–2025. Tiyaking sasagutin sa pananaliksik na ito ang *pre-test* iskor ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tekstong impormatibo gamit ang tradisyonal na pagtuturo, gayundin ang kanilang *post-test* iskor matapos gamitin ang *HOTS Approach,* partikular sa mga kasanayan tulad ng pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita, pag-uugnay ng mga kaisipan sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa binasa. Mula rito, susuriin kung may makabuluhang pagkakaiba ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang *pre-test* at *post-test* na iskor. Nilalayon din ng pag-aaral na makabuo ng isang angkop na interbensiyon sa pagkatuto batay sa mga matutuklasan upang higit pang mapunuan at mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga tekstong impormatibo.

***Kahalagahan ng Pag-aaral -*** Ang pagbasa ay isa sa mga mahahalagang makrong kasanayan na dapat patuloy na nalilinang. Mahalaga ito hindi lamang para sa ating pang araw-araw na pagkatuto bagkus ito ay mayroon pang mas malalim at makabuluhang benepisyo sa pansarili at panlipunang aspekto (Borah, et al., 2024). Ang pag-aaral na isinagawa ay inaasahang makatutulong at makapagbibigay kabuluhan sa mga taong nagnanais na lubusang maunawaan at mapalawak ang kaalaman sa lalong ikauunlad ng isinagawang pag-aaral, tulad ng mga sumusunod:

- **Administrador.** Makabuluhan ang pag-aaral na ito sa departamento ng edukasyon upang maipabatid sa kanilang mga guro ang kahalagahan sa paggamit ng estratehiyang *HOTS Approach* sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa nang may pag-uunawa sa pamamagitan ng pagsusuri at pagsisiyasat sa tekstong binasa.

- **Guro.** Makatutulong ito sa mga guro upang mapaigting at higit na mapalawak ang kanilang kaalaman sa pagtuturo ng pagbasa gamit ang *HOTS Approach* bilang estratehiyang gagamitin upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang tekstong impormatibo nang may pag-uunawa sa binabasa. Malaki rin ang maitutulong nito sa mga guro upang makabuo ng isang mungkahing kagamitang pampagtuturo sa pagbasa gamit ang *HOTS Approach*.

- **Mag-aaral.** Makatutulong ang pag-aral na ito sa mga mag-aaral sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Hindi lamang simpleng pagbasa kundi pagbasa nang may malalim na pag-uunawa sa mga tekstong binabasa upang higit na mapaunlad at mapalawak ang talas ng kanilang pag-iisip gamit ang

kanilang mapanuring pag-iisip.

- **Mga Mananaliksik sa Hinaharap.** Malaki ang maitutulong ng ginawang pag-aaral na ito para sa mga nagnanais magsaliksik upang mapalawig ang kanilang kaalaman sa antas ng kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang *HOTS Approach* na maaari nilang maging batayan sa kanilang gagawing pag-aaral na higit na magpapaunlad at magpapahusay sa kanilang gagawing pananaliksik sa hinaharap.

***Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang *Higher Order Thinking Skills* (HOTS) Approach. Isinagawa ang pananaliksik sa Tanque National High School (TNHS) na matatagpuan sa Lungsod ng Pio V. Corpus, Lalawigan ng Masbate sa taong panuruan 2024–2025. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay limitado sa dalawampu't siyam (29) na respondenteng mag-aaral mula sa Baitang 11 Seksiyon Aries na pinili sa pamamagitan ng *convenience sampling* na teknik. Nilimitahan ang pagsusuri sa tatlong partikular na uri ng tekstong impormatibo na may estrukturang sanhi at bunga (Pagkaubos ng Yamang-dagat sa Asya), paghahambing (Sistemang Politikal ng Sinaunang Asya: Ang Tsina Bilang Gitnang Kaharian at ang Banal na Pamamahala ng mga Emperador sa Japan), at pagbibigay-depinisyon (Imperyalismo). Ang saklaw ng pagtataya ay nakabatay rin sa tatlong tiyak na kasanayang pampagkatuto mula sa *Most Essential Learning Competencies* (MELCs) ng DepEd, partikular na ang pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita, pag-uugnay ng mga kaisipan sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto. Ginamit sa pananaliksik ang disenyong *quasi-experimental* sa pamamagitan ng paghahambing sa mga iskor ng *pre-test* (gamit ang tradisyonal na pagtuturo) at *post-test* (gamit ang *HOTS Approach*) upang matukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Hindi sakop ng pag-aaral na ito ang iba pang antas ng mag-aaral, ibang uri ng teksto tulad ng naratibo o argumentatibo, at iba pang estratehiya sa pagtuturo na labas sa *HOTS Approach.*

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ginamit sa pag-aaral na ito ang *Quasi-experimental Design* upang masuri ang kabuluhan at epekto sa paggamit ng *HOTS Approach* sa pagtuturo ng pagbasa nang may pag-unawa sa mga respondenteng mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay talatanungan sa *pre-test at post-test design.* Ang mga nalikom na datos sa pag-aaral na ito ay sinuri sa pamamagitan ng Istadistikal na Pagsusuri. Binigyang–tuon sa pag-aaral ang pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang *HOTS Approach* ayon sa tinukoy na mga kompetensi mula sa MELC's. Ginawang lunsaran dito ang impormatibong teksto na nasa estrukturang sanhi at bunga, paghahambing at pagbibigay-depinisyon upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga respondenteng mag-aaral gamit ang mataas na antas ng pag-iisip.

***Respondente -*** Ang tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga respondenteng mag-aaral ng baitang 11 ng Tanque National High School sa taong panuruan 2024-2025. Ito ay ginamitan ng *convenience sampling* dahil ang mga kalahok ay galing sa parehong paaralan kung saan nagtuturo ang mananaliksik. Ang mga kalahok ay binubuo ng labing-anim (16) na mga respondenteng mag-aaral na lalaki at labintatlo (13) naman ang mga respondenteng mag-aaral na babae. Sa kabuoan, ito ay binubuo ng dalawampu't siyam (29) na mga respondenteng mag-aaral na nasa iisang seksiyon lamang.

***Instrumento ng Pag-aaral -*** Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay naglalaman ng teksto sa Sanhi at Bunga tungkol sa *Pagkaubos ng Yamang-dagat sa Asya,* teksto sa Paghahambing hinggil sa *Sistemang Politikal ng Sinaunang Asya: Ang Tsina Bilang Gitnang Kaharian at ang Banal na Pamamahala ng mga Emperador sa Japan,* at teksto sa Pagbibigay-depinisyon ukol sa *Imperyalismo*, na kung saan ang mga tekstong ito ay may mga tanong na nauukol sa unang kompetensi na natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa. Ang bawat teksto ay binubuo ng limang tanong na may kaugnayan sa nasabing kompetensi. Sa kasunod na bahagi naman, ito ay binubuo pa rin ng magkaparehong teksto na nasa unang bahagi na kung saan ang bawat tekstong ito

ay may mga tanong na nauukol sa ikalawang kompetensi na naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig. Ang bawat tektso ay binubuo pa rin ng tig lilimang tanong batay sa kompetensi. Ang ikatlong bahagi naman, ito pa rin ay ginamitan ng magkaparehong teksto mula sa una hanggang sa ikalawang bahagi. Ang kaibahan lamang nito ang bawat teksto ay may mga tanong na nauukol sa ikatlong kompetensi na naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Ang bawat teksto ay binubuo pa rin ng limang tanong na naaayon sa ikatlong kompetensi. Ang mga katanungang ito ay makatutulong sa pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga respondenteng mag-aaral gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa at ang paggamit ng *HOTS Approach* sa malalimang pag-uunawa sa tekstong binabasa.

***Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos -*** Isinagawa ng mananaliksik ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagbibigay talatanungan upang matukoy ang *pre-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa baitang 11 ng TNHS sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang tradisyonal na pagtuturo ayon sa tatlong kompetensi ng MELC's na natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa; naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig; at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Pagkatapos na malikom ang mga nakuhang datos mula sa *pre-test* iskor ng mga respondente, ipinamimigay ulit ng mananaliksik ang mga talatanungan upang makuha ang *post-test* iskor gamit ang *HOTS Approach* ayon sa tinukoy na mga kompetensi ng mga respondenteng mag-aaral sa antas 11 ng TNHS sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo. Sinundan ito ng pagsusuri ng datos gamit ang istadistikal na pagsusuri upang matukoy kung may makabuluhan bang pagkakaiba ng akademikong pagganap ng mga pag- aaral batay sa *pre-test* at *post-test* na iskor ng mga respondenteng mag-aaral. Batay sa natuklasan sa pag-aaral, ang mananaliksik ay gumawa ng interbensyong kagamitang pampagtuturo sa pagbasa sa pamamagitan ng paggawa ng mga planong pampagkatuto o banghay-aralin upang makatulong sa pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo nang may pag-uunawa.

## 3. Resulta at Pagtatalakay

### 3.1 *Pre-test iskor ng mga respondente gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa ayon sa kompetensi mula sa MELC's*

Ang pagtatasa sa *pre-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa baitang 11 ng TNHS ay mahalaga sa pag-aaral na ito upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa.

**Talahanayan 1**
*Pre-test iskor ng mga respondente gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa ayon sa kompetensi mula sa MELC's*

| Kompetensi | Mean | Standard deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa. | 50 | 19.4 | Katamtamang Pagkatuto *(Average Mastery)* |
| Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig. | 42 | 19.4 | Katamtamang Pagkatuto *(Average Mastery)* |
| Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. | 41 | 19.5 | Katamtamang Pagkatuto *(Average Mastery)* |

**Legend:** 0%-4%= Absolutely No Mastery, 5%-15%= Very Low Mastery, 16%-34%= Low Mastery, 35%-65%= Average Mastery, 66%-85%= Moving Towards Mastery, 86%-95%= Closely Approximating Mastery, 96%-100%= Mastered

Makikita sa talahanayan 1 ang *pre-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa baitang 11 ng TNHS sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa. Inilalahad dito na ang mga respondenteng mag-aaral sa unang kompetensi ay nakakuha ng

pinakamataas na *mean score* na limampu (50), sinundan ng ikalawang kompetensi na may *mean score* na apatnapu't dalawa (42), at ang ikatlong kompetensi naman ay nakakuha ng pinakamababang *mean score* na apatnapu't isa (41). Sa *standard deviation,* kapwa magkapareho ang una at ikalawang kompetensi na may labinsiyam na punto apat (19.4), samantalang bahagyang mas mataas na labinsiyam na punto lima (19.5) ang naitala sa ikatlong kompetensi. Kapwa namang nakapagtamo ng *katamtamang pagkatuto* o *average mastery* ang *pre-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa.

Batay sa pagpapakahulugan ng mananaliksik hinggil sa ginawang pag-aaral natuklasan niya na marami sa mga respondenteng mag-aaral sa baitang 11 ng TNHS sa Pagsusuri sa Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng Iba't Ibang Tekstong Impormatibo gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa ay *talagang walang pagkatuto* at *lubhang mababa ang pagkatuto* sa pagtukoy sa mga kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Nangangailangan din ng masigasig na gabay sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig; at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

Marami nga rin sa kanila ay kakikitaan ng *mababa ang pagkatuto* dahil mababa ang pagganap at nangangailangan ng gabay sa pagtukoy sa mga kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Nalilito sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig; at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Gayunpaman, mayroon naman sa kanila ay kakikitaan ng *patungo sa pagkatuto* sapagkat umaayon sa pamantayan ang kasanayan sa pagsusuri sa tekstong impormatibo ayon sa tinukoy na mga kompetensi.

Samantala, may kasiya-siya namang nakuhang marka ang mga respondenteng mag-aaral, subalit iilan lamang sa kanila ay kakikitaan ng *malapit sa tinatayang pagkatuto* na may katanggap-tanggap na antas ng kahusayan sa pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. May angking husay rin sa pag-uugnay ng mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Mapapansin namang lubhang nahihirapan talaga ang mga respondenteng mag-aaral dahil sa bawat teksto na naaayon sa tatlong kompetensi ay mabibilang lamang sa kanila ang nakakuha ng malaking puntos at kakikitaan ng *lubusang pagkatuto* sa pagsusuri sa tekstong binasa na may awtoridad, at hindi lubusang natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Walang natatanging kasanayan sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa dahil sa kakulangan ng kasanayan sa pagbasa o may kakulangan sa antas na kasanayan sa literasi ang mga respondenteng mag-aaral dahil lubhang nahihirapan ang mga ito sa pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto.

Pinatutunayan sa implikasyon ng kasalukuyang pag-aaral na ito na ang paggamit ng tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa ay hindi gaanong nakapagpapaunlad sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga respondenteng mag-aaral batay sa datos na nakalap sa *pre-test* iskor. Sa katunayan nga *katamtamang pagkatuto o average mastery* lamang ang antas ng pagkatuto na natamo karamihan sa mga respondenteng mag-aaral batay sa sinuring impormatibong teksto na nasa estrukturang sanhi at bunga, paghahambing, at pagbibigay-depinisyon na nakatuon sa tatlong kompetensi mula sa MELC's. Makikita rin na mayroon ding mga mag-aaral na *talagang walang pagkatuto* o *lubhang mababa ang pagkatuto*. Kaya dapat lamang palawakin at paunlarin ang talasalitaan o bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabasa upang higit na mapalawak ang kaalaman at mapaigting ang kasanayan sa pagkatuto sa pagbabasa sa tulong ng mga nakaimbak na kaalaman at karanasan. Dapat ding linangin ang kakayahan sa pagbasa sa pamamagitan ng komprehensiyon upang higit na mapaunlad ang literasi ng isang mag-aaral.

Ayon nina Toga at Santiago (2025) ang pagpapalawak sa bokabularyo ay mahalaga upang lubos na mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang kakulangan sa kasanayan sa bokabularyo ay maaaring maging

malaking hadlang sa pag-unawa sa pagbasa sa anumang teksto o akdang pampanitikan binanggit mula sa pananaliksik nina Guinto at Carada (2023). Pinatotohanan naman nina Sunio at Guzman (2024) na binanggit sa pananaliksik ni Perez (2019), na sadyang mahinang bumasa at mababa ang komprehensiyon ng kani-kanilang mga mag-aaral. Dagdag pa, maraming salik ang nagiging sanhi ng mga bagay na ito. Ganito rin ang natuklasan ni Saraos (2021), sa kanyang pag-aaral. Napatunayan niyang maraming mag-aaral ang nahihirapang magbigay ng kahulugan sa tekstong binabasa lalo na kung gumagamit ang mga ito ng komplikadong mga termino. Ang kakayahang umunawa ay karugtong naman ng pagbibigay kahulugan sa talasalitaan o bokabularyong ginagamit sa teksto. Samakatuwid ang kakulangan sa kaalaman sa bokabularyo ay nakaaapekto sa bawat indibidwal lalo't higit sa kanilang kaalaman. Kapansin-pansin ang mga mag-aaral ngayon sa pampublikong paaralan ng sekundarya ay nahihirapan lalo na sa mga malalalim na salita sa araling Filipino.

Sa pag-aaral ni Saraos (2021) pinatutunayan na mayroong mahalagang ugnayan ang kasanayan sa pagpapakahulugan sa mga bokabularyong nababasa at ang antas ng pag-unawa (Sunio at Guzaman, 2024).Ipinapakita rin sa pag-aaral nina Gedik at Akyol (2022) na maaaring umunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung matutugunan ang mga pangunahing suliranin tulad ng kakulangan sa motibasyon, kahinaan sa pag-unawa, at limitadong bokabularyo (Erie, 2025). Mula sa pag-aaral nina Leopoldo et al. (2024) ang pagpapalawak ng bokabularyo ay mahalaga upang lubos na mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral dahil ang kakulangan sa kasanayan sa bokabularyo ay maaaring maging malaking hadlang sa pag- unawa sa isang akdang pampanitikan (Guinto, 2023). Ang mga problema sa pag-unawa sa teksto ay kadalasang nangyayari dahil sa kakulangan ng bokabularyo ng mga mag-aaral (Pollero, 2021). Tunay na napakahalaga ng pagkakaroon ng mayamang talasalitaan sa kasanayang komunikatibo at pagsulat ng bawat mag-aaral. Higit na nagiging epektibo ang pagsulat at pagsasalita ng taong nagtataglay ng mayamang talasalitaan kung ikukumpara sa taong salat sa talasalitaan (Serrano, 2022).

Bilang paglalahat sa *pre-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa ay nasa *katamtamang pagkatuto o average mastery* ang antas sa pagsuri sa tekstong impormatibo na nasa estrukturang sanhi at bunga, paghahambaing, at pagbibigay-depinisyon na nakatuon sa tatlong kompetensi mula sa MELCS. Kaya dapat lamang linangin ang kakayahan at kasanayan sa pagbasa na may komprehensiyon dahil ito ang puso ng tunay na pag-unawa sa anumang tekstong babasahin. Hindi lamang ito tungkol sa pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa, kundi kakayahang unawain, suriin at iugnay ang kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa sa karanasan, at gamitin ang impormasyong nakapaloob sa binabasa maging tradisyonal man ang pamamaraan ng pagbasa. Dahil ang pagbasa ay pundasyon at nagsisilbing tulay tungo sa ikauunlad at ikalalawak ng kaalaman at karunungan tungo sa matagumpay na kinabukasan.

*3.2 Post-test iskor ng mga respondente gamit ang HOTS approach ayon sa mga tinukoy na mga kompetensi mula sa MELC's*

Ang paggamit ng estratehiyang *HOTS Approach* sa pagtuturo ng pagbasa sa *post-test* ng mga respondenteng mag-aaral ay sinuri upang matukoy ang naging epekto nito sa intelektuwal na pag-iisip sa pamamagitan ng mapanuring pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito, ang mananaliksik ay gumamit ng estratehiyang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* sa pagtuturo ng pagbasa sa mga respondenteng mag-aaral. Sa paggamit ng estratehiyang ito, ang mananaliksik ay gumamit ng tatlong hakbang upang matugunan ang kinakailangang datos para sa ginawang pag-aaral.

Makikita sa talahanayan 2 ang *post-test* iskor gamit ang *HOTS Approach* ayon sa tinukoy na mga kompetensi ng mga respondenteng mag-aaral sa antas 11 ng TNHS sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo. Matutunghayan sa bahaging ito, na ang mga respondenteng mag-aaral sa unang kompetensi ay nakakuha ng pinakamataas na *mean score* na pitumpu't siyam (79), at naitalang ikalawa sa nagkamit ng mataas na *standard deviation* na may labing-isa punto siyam (11.9). Sinundan ng ikalawang kompetensi na may *mean score* na pitumpu't apat (74) at nakamit ang pinakamaliit na *standard deviation* na may labing-isa na punto

(11.0). Mapapansin naman na ang ikatlong kompetensi ay nakakuha ng mababang *mean score* na pitumpu't isa (71), subalit, bahagyang nakuha nito ang mataas na *standard deviation* na may labintatlo na punto dalawa (13.2). Samantala, kapwa magkaparehong kakikitaan ng *Patungo sa Pagkatuto o (Moving Towards Mastery)* ang *post-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng impormatibong teksto gamit ang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach.*

**Talahanayan 2**

*Post-test iskor ng mga respondente gamit ang HOTS approach ayon sa mga tinukoy na mga kompetensi mula sa MELC's*

| Kompetensi | Mean | Standard deviation | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa. | 79 | 11.9 | Patungo sa Pagkatuto *(Moving Towards Mastery)* |
| Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig. | 74 | 11.0 | Patungo sa Pagkatuto *(Moving Towards Mastery)* |
| Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. | 71 | 13.2 | Patungo sa Pagkatuto *(Moving Towards Mastery)* |

**Legend:** 0%-4%= Absolutely No Mastery, 5%-15%= Very Low Mastery, 16%-34%= Low Mastery, 35%-65%= Average Mastery, 66%-85%= Moving Towards Mastery, 86%-95%= Closely Approximating Mastery, 96%-100%= Mastered

Ang impormatibong teksto na nasa estrukturang sanhi at bunga tungkol sa *Pagkaubos ng Yamang-dagat sa Asya*, teksto sa paghahambing hinggil sa *Sistemang Politikal ng Sinaunang Asya: Ang Tsina Bilang Gitnang Kaharian at ang Banal na Pamamahala ng mga Emperador sa Japan,* at teksto sa pagbibigay-depinisyon ukol sa *Imperyalismo*, sa unang kompetensi na natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng iba't ibang uri ng tekstong binasa, ay nakakuha ng *mean score* na pitumpu't siyam (79), at *sa standard deviation* ay nakamit ang labing -isa na punto siyam (11.9) at may deskripsiyon na *patungo sa pagkatuto* o *(Moving Towards Mastery).* Sa ikalawang kompetensi naman na naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig ay nakakuha ng *mean score* na pitumpu't apat (74), at labing-isa na punto (11.0) ang nakamit sa *standard deviation* at may deskripsiyon na *patungo sa pagkatuto.* Samantala, sa ikatlong kompetensi na naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa ay may pitumpu't-isa (71) na *mean score* at labintatlo na punto dalawa (13.2) ang nakamit sa *standard deviation* at may deskripsiyon na *katamtamang pagkatuto.*

Batay sa pagpapakahulugan ng mananaliksik hinggil sa *post-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa baitang 11 ng TNHS sa Pagsusuri sa Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng Iba't Ibang Tekstong Impormatibo gamit ang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* sa pagtuturo ng pagbasa natuklasan ng mananaliksik na maraming mga respondente ang kakikitaan ng *Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery)* sa antas na kasanayan sa pagbasa ng impormatibong teksto na nasa estrukturang sanhi at bunga tungkol sa *Pagkaubos ng Yamang-dagat sa Asya*, teksto sa paghahambing hinggil sa *Sistemang Politikal ng Sinaunang Asya: Ang Tsina Bilang Gitnang Kaharian at ang Banal na Pamamahala ng mga Emperador sa Japan*, at teksto sa pagbibigay-depinisyon ukol sa *Imperyalismo* ayon sa tinukoy na mga kompetensi. Matutunghayan mula dito na lutang na lutang ang pagkatuto at pagka-unawa sa tekstong binabasa sapagkat marami sa mga respondente ang *malapit sa tinatayang pagkatuto* dahil kakikitaan ang mga ito ng katanggap-tanggap na antas ng kahusayan sa pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. May angking husay rin sa pag-uugnay ng mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

Samantala, nagtataglay rin ng *patungo sa pagkatuto* ang performans ng mga respondenteng mag-aaral, sapagkat umaayon sa pamantayan ang kasanayan sa pagsusuri sa tekstong impormatibo ayon sa tinukoy na mga kompetensi na natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa, at naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Mapapansin namang ang ilan sa mga respondente ay may *katamtamang pagkatuto* dahil kakikitaan ang mga ito ng pagdadalawang-isip sa

pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Bagaman, may *katamtamang husay* rin sa pag-uugnay ng mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

Samakatuwid, marami sa mga respondente ang nagkamit ng malaking puntos at nagtamo ng may *lubusang pagkatuto* sa pagsusuri sa tekstong binasa na may awtoridad, lubusang natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. May natatanging kasanayan sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa sa pamamagitan ng paggamit ng *HOTS Approach*. Samantala, ang tradisyonal na pagtuturo ang may pinakamababang performans sa pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa nang may pag-unawa. Kaya, ang *HOTS Approach* ay may malaking tulong sa paglinang sa kakayahan ng mga respondenteng mag-aaral sa pagbasa gamit ang kanilang bokabularyo o talasalitaan sa pamamagitan ng pag-oorganisa sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa at pag-uugnay sa mga pangyayari o karanasan sa totoong buhay gamit ang mataas na antas ng pag-iisip.

Bilang implikasyon, ang *post-test* iskor gamit ang *HOTS Approach* ayon sa tinukoy na mga kompetensi ng mga respondenteng mag-aaral sa antas 11 ng TNHS sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo ay nasa antas na *patungo sa pagkatuto o Moving Towards Mastery.* Sa pamamagitan ng paglalapat ng estratehiyang *HOTS Approach* ang pagbasa ay nagiging isang interaktibong proseso sapagkat hindi lang basta pag-ako sa mga salita kundi pagsisiyasat, paghuhusga, paglikha, at pag-uugnay ng sariling karanasan at kaalaman. Dahil dito mas lalong natulungan ang mga respondente hindi lang sa kung ano ang binabasa, kundi paano nila ito naiintindihan gamit ang sariling hinuha maging ang pagbibigay ng interpretasyon sa tekstong binasa.

Ayon kina Borah et al. (2024) ang pagtuturo ng pagbasa ay isang mahalagang aspekto ng edukasyon. Ang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay isa sa mga instrumentong kailangan ng isang guro para sa kalinangan ng kanilang mga mag-aaral sa pagbabasa. Marami ng mga estratehiya o mabubuting gawi sa pagtuturo ng pagbasa ang napatunayang naging epektibo sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang mananaliksik ay gumamit ng estratehiyang *HOTS Approach* sa pagtuturo ng pagbasang may pag-unawa upang malinang ang kakayahan ng bawat respondente gamit ang intelektuwal at mapanuring pag-iisip sa tekstong binasa. Binanggit sa artikulo ni Espinosa (2025) ang Kasanayang Pangmataas na Pag-iisip *(Higher-Order Thinking Skills o HOTS)* ay mahalaga para sa mga mag-aaral upang mapangasiwaan ang mga hamon ng makabagong mundo. Ang mga kasanayang ito ay lampas sa simpleng pagmememorya at nangangailangan ng kakayahang magsuri, magpahalaga, at bumuo ng bagong kaalaman mula sa impormasyong natamo. Mahalaga ang paglinang ng *HOTS* sapagkat ito ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal, lumikha ng makabagong solusyon, at gumawa ng matalinong desisyon.

Sa kabuoan, ang *post-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral batay sa tekstong impormatibo na nasa estrukturang Sanhi at Bunga, Paghahambing, at Pagbibigay-depinisyon ayon sa tinukoy na mga kompetensi mula sa MELC's ay nakitaan ng positibong pagtaas ng mga nakuhang marka ng mga respondente na nabibilang sa antas na *patungo sa pagkatuto* matapos gamitin ang estratehiyang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach.* Patunay lamang ito na kung gagamitin ng guro ang nasabing estratehiya maaari itong magdulot ng interaktibong pagbasa at napauunlad nito ang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mapanuri gamit ang kritikal na pag-iisip sa pag-uunawa sa tesktong binasa.

### *3.3 Pagkakaiba sa akademikong pagganap sa pre-test at post-test score ng mga mag-aaral*

Makikita sa bahaging ito ang pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba ng akademikong pagganap ng mga respondenteng mag-aaral batay sa kanilang *pre-test* at *post-test* na iskor ayon sa tinukoy na mga kompetensi. Makikita sa talahanayan 3 ang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga pag-aaral batay sa kanilang *pre-test* at *post-test* na iskor. Ipinapakita rin sa bahaging ito na may makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* at *post-test* na iskor sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo ng mga respondenteng

mag-aaral sa antas 11 ng TNHS ayon sa tinukoy na mga kompetensi tulad ng natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa, lumitaw ang sumusunod na estadistikal na resulta: *Student's t* = 8.61, df = 28.0, p < .001. Lumalabas na tinanggap ang alternatibong haypotesis at tinanggihan ang *null hypothesis*, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* at *post-test* na iskor ng mga respondente. Sa kompetensing naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig, makikita ang sumusunod na estadistikal na resulta: *Student's* t=8.76, df=28.0, p<.001 habang ang pangatlong kompetensi na naipaliliwanag ang mga kasipang nakapaloob sa tekstong binasa ay may estadistikal na resulta: *Student's* t=7.84, df=28.0, p<.001, samantala kapwa tinanggap naman ang alternatibong haypotesis at tinanggihan ang *null hypothesis,* na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* at *post-test* na iskor ng mga respondente mula sa unang kompetensi hanggang sa pangatlong kompetensi.

**Talahanayan 3**

*Pagkakaiba sa akademikong pagganap sa pre-test at post-test score ng mga mag-aaral*

| Pre-test | Post-test | | statistic | df | p-value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. | Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. | Student's t | 8.61 | 28.0 | <.001 | Reject the null hypothesis | Significant |
| Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig. | Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig. | Student's t | 8.76 | 28.0 | <.001 | Reject the null hypothesis | Significant |
| Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. | Naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. | Student's t | 7.84 | 28.0 | <.001 | Reject the null hypothesis | Significant |

Batay sa pagpapakahulugan ng mananaliksik hinggil sa nakalap na datos, ang akademikong pagganap ng mga pag-aaral ayon sa *pre-test* at *post-test* na iskor ang dalawampu't siyam (29) na mga respondenteng mag-aaral sa antas 11 ng Tanque National High School ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* at *post-test* sa akademikong pagganap ng mga respondente. Natuklasan na nagtatamo ng mas mataas na marka ang mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* sa pagtuturo ng pagbasang may malalimang pag-uunawa sa tekstong binabasa kaysa sa paggamit ng tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa. Pinapatunayan lamang nito na ang paggamit ng *HOTS Approach* ay isang makabuluhang estratehiyang makatutulong sa paglilinang at pagpapalawak ng pag-unawa sa binasa ng mga respondenteng mag-aaral.

Bilang implikasyon, ipinapakita sa talahanayan 3 na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa *pre-test at post-test* na iskor sa pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa antas ng pagsusuri sa mga tekstong impormatibo batay sa mga tinukoy na kompetensi. Kapwa tinanggap ang alternatibong haypotesis at tinanggihan ang *null hypothesis,* na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* at *post-test* na iskor ng mga respondente mula sa unang kompetensi hanggang sa pangatlong kompetensi. Pinapatunayan lamang nito na ang paggamit ng *HOTS Approach* ay isang makabuluhang estratehiyang makatutulong sa paglilinang at pagpapalawak sa pag-unawa sa binasa ng mga respondenteng mag-aaral sa pagbabasa ng mga tekstong impormatibo. Dahil dito, nararapat lamang na isaalang-alang ang paggamit ng *HOTS Approach* sa pagtuturo ng pagbasa upang lubos at ganap na maunawaan ang nilalaman ng isang teksto gamit ang mapanuring pag-iisip.

Binanggit sa pag-aaral nina Aziz at Rawian (2022) may mga mananaliksik na sina Horváthová at Nadová, 2021; Wu at Chen, (2021) ang sumasang-ayon na ang mga kasanayang analitikal, ebalwatibo, at malikhain ay ang tatlong pangunahing kasanayang kognitibo o (*HOTS)* na lubos na nakapaloob sa proseso ng pag-unawa sa binabasa. Sa simpleng salita, ang pag-unawa sa binasa ay kinapapalooban ng pagsusuri, paglalapat ng paghatol, at paglikha ng mga kahulugang tekstuwal. Si Ness (2019), na sumunod sa mga prinsipyo ng kognitibong teorya ng pag-unawa sa binasa at gumamit ng *think-aloud protocols*, ay nagmodelo ng mga estratehiya ng mga mag-aaral sa pagbasa tulad ng paghinuha, pagsusuri, pagtatanong, at pagsasama-sama ng impormasyon. Isinapadron niya ang pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa at natuklasan ang makatarungang pagtaas sa kanilang kakayahan sa pagbasa. Dagdag pa rito, sina Nappu at Hambali (2022), gamit ang kognitibong lapit sa pagbasa, ay nagsagawa ng isang *quasi-experiment* sa pamamagitan ng pagpapatupad ng *HOTS* sa kanilang talakayang pangklase. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na tinuruan gamit ang estratehiyang *HOTS* sa pag-unawa sa binasa ay nagpakita ng mas magagandang resulta sa pagkatuto kumpara sa mga mag-aaral na tinuruan gamit ang tradisyonal na pamamaraan.

Sa kabuoan, mayroong makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* iskor gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo at *post–test* iskor na inilapat ang estratehiyang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* sa pagtuturo ng pagbasa na may malalim na pag-unawa sa binabasa. Patunay lamang ito na ang *HOTS Approach* ay isang makabuluhang estratehiyang makatutulong sa paglilinang sa kasanayan sa pagbasa ng mga respondenteng mag-aaral gamit ang kritikal at mataas na antas ng pag-iisip.

## 4. Kongklusyon

Natuklasan sa *pre-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsusuri sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa ay nasa *katamtamang pagkatuto o average mastery* ang antas sa pagsuri sa tekstong impormatibo na nasa estrukturang sanhi at bunga, paghahambing, at pagbibigay-depinisyon ayon sa tinukoy na mga kompetensi mula sa MELC's. Mapapansin *talagang walang pagkatuto* at *lubhang mababa ang pagkatuto* sa pagtukoy sa mga kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Nangangailangan din ng masigasig na gabay sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig; at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

Marami nga rin sa kanila ay kakikitaan ng *mababa ang pagkatuto* dahil mababa ang pagganap at nangangailangan ng gabay sa pagtukoy sa mga kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Nalilito sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig; at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Gayunpaman, mayroon naman sa kanila ay kakikitaan ng *patungo sa pagkatuto* sapagkat umaayon sa pamantayan ang kasanayan sa pagsusuri sa tekstong impormatibo ayon sa tinukoy na mga kompetensi.

Gayundin, may kasiya-siya namang nakuhang marka ang mga respondenteng mag-aaral, subalit iilan lamang sa kanila ay kakikitaan ng *malapit sa tinatayang pagkatuto* na may katanggap-tanggap na antas ng kahusayan sa pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. May angking husay rin sa pag-uugnay ng mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Mapapansin namang lubhang nahihirapan talaga ang mga respondenteng mag-aaral dahil sa bawat teksto na naaayon sa tatlong kompetensi ay mabibilang lamang sa kanila ang nakakuha ng malaking puntos at kakikitaan ng *lubusang pagkatuto* sa pagsusuri sa tekstong binasa na may awtoridad, at hindi lubusang natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Walang natatanging kasanayan sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa dahil sa kakulangan ng kasanayan sa pagbasa o may kakulangan sa antas na kasanayan sa literasi ang mga respondenteng mag-aaral dahil lubhang nahihirapan ang mga ito sa pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto.

Samantala, ang *post-test* iskor ng mga respondenteng mag-aaral batay sa tekstong impormatibo na nasa estrukturang sanhi at bunga, paghahambing, at pagbibigay-depinisyon ayon sa tinukoy na mga kompetensi mula sa MELC's ay kakikitaan ng positibong pagtaas sa mga nakuhang marka ng mga respondente na nabibilang sa antas na *patungo sa pagkatuto (Moving Towards Mastery)* matapos gamitin ang estratehiyang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach.* Ito ay napapatunayan mula sa mga nakalap na datos ng mananaliksik, lutang na lutang ang pagkatuto at pagkaunawa sa tekstong binabasa sapagkat marami sa mga respondente ang *malapit sa tinatayang pagkatuto* dahil kakikitaan ang mga ito ng katanggap-tanggap na antas ng kahusayan sa pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. May angking husay rin sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

Gayundin, nagtataglay rin ng antas na *patungo sa pagkatuto* sapagkat umaayon sa pamantayan ang kasanayan sa pagsusuri sa tekstong impormatibo ayon sa tinukoy na mga kompetensi na natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa, at naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa. Mapapansin namang may iilan sa mga respondente ay may katamtamang pagkatuto dahil kakikitaan ang mga ito ng pagdadalawang-isip sa pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. Bagaman, may katamtamang husay rin sa pag-uugnay ng mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, pagpapaliwanag sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa.

Samakatuwid, marami namang mga respondente ang nagkamit ng malaking puntos at nagtamo ng may *lubusang pagkatuto* sa pagsusuri sa tekstong binasa na may awtoridad, lubusang natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit sa iba't ibang uri ng tekstong binasa. May natatanging kasanayan sa pag-uugnay sa mga kaisipang nakapaloob sa binasang teksto sa sarili, pamilya, komunidad, bansa, at daigdig, at naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa sa pamamagitan ng paggamit ng *HOTS Approach*.

Patunay lamang ito na kung gagamitin ng guro ang nasabing estratehiya maaari itong magdulot ng interaktibong pagbasa at napauunlad nito ang antas na kasanayan sa literasi sa pamamagitan ng pag-unawa sa pagbasa sa paraang mapanuri at pagpapagana ng imbak na kaalaman. Sa pamamagitan din ng estratehiyang *HOTS approach* nalilinang at napalalawak ang karanasan ng mga respondente sa pagbuo at pag-unawa ng isang mahusay na teksto gamit ang kritikal na pag-iisip. Kaya, ang *HOTS Approach* ay may malaking tulong sa paglinang sa kakayahan ng mga respondenteng mag-aaral sa pagbasa gamit ang kanilang bokabularyo o talasalitaan sa pamamagitan ng pag-oorganisa sa mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa at pag-uugnay sa mga pangyayari o karanasan sa totoong buhay gamit ang mataas na antas ng pag-iisip.

Batay naman sa akademikong pagganap ng mga pag-aaral ayon sa *pre-test* at *post-test* na iskor ang dalawampu't siyam (29) na mga respondenteng mag-aaral sa antas 11 ng Tanque National High School ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba ang *pre-test* at *post-test* sa akademikong pagganap ng mga respondente. Natuklasang nagtatamo ng mas mataas na marka ang mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* sa pagtuturo ng pagbasang may malalimang pag-uunawa sa tekstong binabasa kaysa paggamit ng tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa. Pinapatunayan lamang nito na ang paggamit ng *HOTS Approach* ay isang makabuluhang estratehiyang makatutulong sa paglilinang at pagpapalawak sa pag-unawa sa binasa ng mga respondenteng mag-aaral sa pagbabasa ng mga tekstong impormatibo. Kaya, nararapat lamang na isaalang-alang ang paggamit nito sa pagtuturo sa pagbasang may pag-unawa o komprehensiyon upang lubos at ganap na maunawaan ang nilalaman ng isang tekstong binabasa gamit ang kritikal na pag-iisip.

Napatunayan na ang paggamit ng *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino 11 ay isang makabuluhang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa maunawaang pagbasa ng iba't ibang tekstong impormatibo. Mula rito, nabuo ang kongklusyon na ang *HOTS Approach* ay makatutulong sa

pagtuturo ng pagbasa sa pamamagitan ng pagpapahusay at paglilinang ng kakayahang makapagsuri at mapalalim ang pag-unawa sa mga tekstong binabasa. Higit pa rito, mahihinuha na ang paggamit ng *HOTS Approach* ay nagpakita ng positibong epekto sa interaktibong pagbasa at napauunlad nito ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mapanuring paggamit ng mataas na antas ng pag-iisip.

Mula sa mga kongklusyong nabuo, napagpasyahan ng mananaliksik na ang sumusunod na mungkahi ay maaaring isagawa:

- Magpanukala ng pag-iibayong pagsasanay sa mga gurong nagtuturo ng pagbasa sa pamamagitan ng seminar/SLAC *(School Learning Action Cell)* upang magkaroon ng ideya sa pagbuo ng mga babasahing materyales na gagamitin sa pagtuturo ng pagbasa gamit ang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* upang mapalawig at mapaigting ang kaalaman ng mga guro lalo na ang mga gurong nagtuturo ng literasi sa mga *"struggling readers"*.
- Inirekomenda ng mananaliksik ang paggamit ng estratehiyang *HOTS (Higher Order Thinking Skills) Approach* sa pagtuturo ng pagbasa sa pamamagitan ng pag-*contextualized* sa nilalaman ng mga tekstong babasahin sa sarili, lipunan, at bansa gamit ang mga *HOTS* na tanong maging ang integrasyon sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo upang matamo ang mga kasanayang pampagkatuto mula sa MELC's.
- Udyukan ang mga mag-aaral na gamitin ang estratehiyang *HOTS Approach* sa pagbasa upang higit na mapalalim ang pag-unawa at lubos na maunawaan ang nilalaman ng tekstong binabasa gamit ang kanilang mapanuri at kritikal na pag-iisip.
- Iminumungkahing gamitin ang kagamitang pampagtuturong nabuo gamit ang *HOTS Approach* bilang karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa upang matulungan ang mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pagbasa nang may pag-unawa sa tekstong binasa gamit ang mataas na antas ng pag-iisip.

***AI Use Disclosure*** **-** Gumamit ang mananaliksik ng ChatGPT at Microsoft Copilot bilang midyum na pantulong sa pagsasalin ng mga ideya at konsepto mula wikang Ingles tungo sa Filipino. Ang mga isinaling impormasyon ay sinuri, at nirebisa upang matiyak ang kawastuhan, kalinawan, at kaangkupan ng nilalaman sa konteskto ng pag-aaral. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa *AI tools.* Ganap na pananagutan ng mananaliksik ang pagsusuri at pagwawasto ng lahat ng nilalamang ginamitan ng *AI.*

## 5. Mga Sanggunian


Aclinen, Z.M., & Olesio, M. (2023). Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa Sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance Journal of Multdisciplinary Studies, 3*(12), 319-345. https://doi.org/10.47760/COGNIZANCE.2023.V03I12.024

Aziz, M., & Rawian, R. (2022). Modeling higher order thinking skills and metacognitive awareness in English reading comprehension among university learners.

Barba, M. M., & Bruma, R. D. (2024). Interbensiyon sa Pagpapaunlad ng Antas ng Kasanayan sa Pagbasa. International Journal of Novel Research and Development (IJNRD), 9(5).

Borah, S.A., Guadalquiver, K. D., Layam, H. V., Mendoza, A. M. C., & Antesing, J. J. B. (2024). Mabubuting Gawi sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Junior High School. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 8*(3), 76-82.

De Laza, C. S. (2022). *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Ikatlong Edisyon. Rex Book Store.

Erie, L. J. D. (2025). Estratehiya at Motibasyon Sa Pagbasa Sa Kasanayang Pag Unawa Sa Pagbasa Sa Filipino Ng Mga Mag Aaral Sa Senior High School. *International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR), 7*(3). https://www.ijfmr.com/papers/2025/3/44699.pdf

Espinosa, L. J. A. (7 February 2025). The Learners' Higher Order Thinking. https://depedbataan.com/wp-

content/uploads/2025/02/THE-LEARNERS-HIGHER-ORDER-THINKING.pdf

Lacuata, R.C. (2019, December 04). Mga mag-aaral na Pinoy, pinakamahina sa 79 bansa sa pag-intindi ng binabasa: PISA, ABS-CBN News. https://www.abs-cbn.com/spotlight/12/04/19/mga-mag-aaral-na-pinoy pinakamahina-sa-79-bansa-sa-pag-intindi-ng-binabasa-pisa

Leopoldo, D. Rose. S., Sispon, C. M., & Baluyos, G. R. (2024). Paggamit Ng Word Wall Bilang Kagamitan Sa Pag-Aaral Sa Pagpapalawak Ng Bokabularyo Ng Mga Mag-Aaral Sa Filipino 8. *International Journal of Creative Research Thoughts (IJCRT), 12*(12). https://ijcrt.org/papers/IJCRT2412581.pdf

Liwanag, Lydia B. (2023). *Pagtuturo Mula sa Puso: Sangguniang Pangguro sa Pagtuturo ng Filipino*. Rex Book Store.

Sanggawa J.L., Santiago, M. B., Santos, R. T., Sapdoy, E. E., & Eguia, M. L. G. (2024). Antas Ng Pag-Unawa Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikatlong Baitang Ng Klaster 5. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4*(12), 275-290.

Sunio C. R., & Guzman, R. B. (2024). Lawak ng Bokabularyo at Antas ng Pag-unawa ng Piling Pampublikong Mag-aaral sa Filipino. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10*(4). https://doi.org/10.36713/epra16434

Tabangcura, Jocelyn. (2024, March 6). Programa ng DepEd upang palakasin ang kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral, suportado ni Gatchalian. Frontpageph Your Trusted News Portal. https://frontpageph.com/programa-ng-deped-upang-palakasin-ang-kasanayan-sa-pagbabasa-ng-mga-mag-aaral-suportado-ni-gatchalian/

Tapasao, Chrisela T. (2023). *"Estratehiyang SQ3R: Maunawang Pagbasa sa Filipino 7".* Cebu Technological University.

Toga, S. M. A., & Santiago, R. L. (2025). Antas ng Estratehiya sa Pagtuturo ng Komprehensyon sa Pagbasa na may Kaugnayan sa Akademikong Pagganap: Batayan sa Paglinang ng Kasanayan. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 11*(4). https://doi.org/10.36713/epra20528